Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Marilao

OFFICE OF THE SECRETARY TO THE SANGGUNIANG BAYAN

RESOLUTION NO. 2025-258

Date of Session : Disyembre 15, 2025

KAPASIYAHAN NA HUMIHILING SA SAN MIGUEL AEROCITY INC. (SMAI) NA ILIHIS ANG PANUKALANG AIRPORT TOLL ROAD PROJECT NA DADAAN SA BARANGAY ABANGAN NORTE, BAYAN NG MARAILAO, BULACAN

	Receiving Office	Received By: (Print Name & Signature)	Date Received
1	Mayor's Office		3/27/26
2	EA Ofc.		3/31/26
3	MPDO		3/31/26
4	Brgy. Abangan Norte		4-10-26
5	SMAI		
6	KGG. HARVEY C. MEDIANTE		3/31/26
7			

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Marilao

Tanggapan ng Kalihim ng Sangguniang Bayan

SIPI SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN, NA IDINAOS SA BULWAGANG PULUNGAN NG BAHAY PAMAHALAAN NOONG DISYEMBRE 15, 2025

MGA DUMALO:

Kgg. Ariel P. Amador — Pangalawang Punong Bayan
Pinunong Tagapangulo

MGA KASANGGUNI

Kgg. Maria Luisa I. Silvestre
Kgg. Vanessa Valdez-Seminiano
Kgg. Divina E. Reyes
Kgg. Jessalyn Mahilac-Dela Cruz
Kgg. Juanito H. Santiago
Kgg. Wilfredo D. Diaz
Kgg. Harvey C. Mediante

MGA EX-OFFICIO

Kgg. Guillermo T. Paraoan Jr. (ABC President)
Kgg. Carlo Gabriel G. Solis (SK Presdient)

HINDI NAKADALO:

Kgg. Mary Del Jasa-Aquino

KAPASIYAHAN BLG. 2025 – 258

May-Akda:
Kgg. Wilfredo D. Diaz
Kamay-akda:

Kgg. Ariel P. Amador
Kgg. Harvey C. Mediante
Kgg. Mary Del Jasa-Aquino
Kgg. Maria Luisa I. Silvestre
Kgg. Juanito H. Santiago
Kgg. Divina E. Reyes
Kgg. Vanessa Valdez-Seminiano
Kgg. Jessalyn Mahilac-Dela Cruz
Kgg. Guillermo T. Paraoan Jr.
Kgg. Carlo Gabriel G. Solis

KAPASIYAHAN NA HUMIHILING SA SAN MIGUEL AEROCITY INC. (SMAI) NA ILIHIS ANG PANUKALANG AIRPORT TOLL ROAD PROJECT NA DADAAN SA BARANGAY ABANGAN NORTE, BAYAN NG MARILAO, BULACAN

SAPAGKAT, nagpahayag ang San Miguel Aerocity Inc. (SMAI) na sila ay magkakaroon ng *Airport Toll Road Project* mula sa North Luzon Expressway (NLEX) Marilao patungo sa New Manila International Airport (NMIA) sa Bayan ng Bulacan;

SAPAGKAT, dahil sa napakaraming kabahayan at kabuhayan na direktang maaapektuhan ng nasabing proyekto, kabilang ang matinding pangamba ng mga residente ukol sa **kaligtasan, pagkawala ng ganda ng kapaligiran at kalikasan, at ang posibleng pagputol ng maraming punong-kahoy at halaman na higit na magdudulot ng pagbaha** nagpahayag ng pagtutol ang Sangguniang Barangay dahil sa kakulangan ng sapat na komunikasyon at koordinasyon mula sa kabilang panig;

SAPAGKAT, nagkaroon ng pagpupulong ang Lupon ng Sangguniang Bayan noong ika-20 ng Oktubre 2025, subalit **hindi nakadalo ang SMAI** upang linawin ang mga isyung nakasaad

PANGKARANIWANG PULONG
KAPASIYAHAN BLG. 2025 – 258

at upang maipaliwanag ang kanilang mga proseso at programang may kaugnayan sa naturang proyekto;

SAPAGKAT, ang **Tanggapan ng Punong Bayan ng Marilao** ay nagpatawag ng isang malaking bukas na talakayan (*public consultation*) noong ika-18 ng Nobyembre, 2025, kung saan **nagkaroon ng pag-uusap ang magkabilang panig** at nailahad ang mga saloobin ng mga mamamayan at kinatawan ng SMAI;

SAPAGKAT, ang SMAI ay **nagpakita ng kahandaan at pagiging bukas** sa muling pagrepaso ng plano at sa posibilidad na **mailihis ang ruta** ng proyekto bilang tugon sa makatuwirang hiling ng mga apektadong mamamayan at ng Sangguniang Barangay;

SAPAGKAT, minarapat ng Sangguniang Bayan na **ipahayag ang pakikiisa** sa hinaing ng mga residente at opisyal ng Barangay Abangan Norte, at nananawagan na **muling isaalang-alang ng SMAI** ang kasalukuyang ruta at **ihiwalay ito sa mga lugar na may mataas na konsentrasyon ng kabahayan at kabuhayan**;

SAPAGKAT, ang Punong Bayan Kgg. Atty. Jemina M. Sy ay nagpaabot ng liham kay Kgg. Giovanni Z. Lopez, Acting Secretary ng Department of Trasportation (DOTr) na humihiling ng muling pag-aaral sa Proposed Toll Road na dadaan sa Bayan ng Marilao at Flood-Protection Measures kung ang kasalukuyang ruta ay pinal na;

KUNG KAYA'T, sa pamamagitan ng sama-samang pagpapatibay ng Ika-12 na Sangguniang Bayan ng Marilao, Bulacan;

IPINASIYA GAYA NG DITO'Y GINAGAWANG PAGPAPASIYA na **pormal na humiling sa San Miguel Aerocity Inc. (SMAI)** na pag-aralan at isagawa ang paglihis ng panukalang *Airport Toll Road Project* upang **maiwasan ang labis na pag-apekto sa Barangay Abangan Norte** at sa mga mamamayang naninirahan dito;

IPINASYÁ PA RIN, na ang kinopyang sipi ng kapasyahang ito ay ipadala sa SMAI, sa Tanggapan ng Punong Bayan ng Marilao, at sa iba pang kaukulang ahensya para sa kanilang kaalaman at nararapat na aksyon.

PINAGTIBAY NANG BUONG PAGKAKAISA, ngayong ika-15 ng Disyembre taong 2025.

Pinatutunayan ko na ang kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan.

[redacted]

EDEN F. SEGUBIENSE
Nanunuparang Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATOTOHANAN:

[redacted]

MARIA LUISA I. SILVESTRE
Konsehal ng Bayan

[redacted]

JUANITO H. SANTIAGO
Konsehal ng Bayan

[redacted]

VANESSA VALDEZ-SEMINIANO
Konsehal ng Bayan

PANGKARANIWANG PULONG
KAPASIYAHAN BLG. 2025 – 258

HARVEY C. MEDIANTE
Konsehal ng Bayan

JESSALYN MAHILAC-DELA CRUZ
Konsehal ng Bayan

GUILLERMO T. PARAOAN JR.
ABC President

CARLO GABRIEL G. SOLIS
SK President

ARIEL P. AMADOR
Pangalawang Punong Bayan
Pinunong Tagapangulo

PINAGTIBAY: 03-25-26

ATTY. JEMINA M. SY
Punong Bayan